

# PROLOGUE

Masaya siya. Totoo. Walang halong kasinungalingan at hinanakit. Tunay siyang may galak na nararamdaman dahil alam niyang nakapag-let go na siya. Halos isang taon na rin ang lumipas mula nang araw na gawin niya ang desisyong naghatid sa dalawang nasa harap ng altar ngayon. Noon pa man, buong-buo na ang pagtanggap ng kanyang puso sa pasyang ginawa.

Iyon nga lang, hindi niya maiwasang makaramdam ng kaunting lungkot sa mga pangyayari. Kaya nga bagaman may malawak na ngiti siya sa mga labi, hindi pa iyon ganap na umaabot sa kanyang mga mata.

Tamara del Rosario had been the only love of his life. They would have gotten married kung hindi niya nadiskubren ang totoong mahal nito ay ang best friend niyang si Diego Villaroman. She had always loved Diego, as a matter of fact, pero sa kanya nahulog ang loob nito dahil siya ang naglakas-loob na manligaw rito. Nang lumaon ay dama niyang mahal na rin siya nito.

Naging masaya ang pagsasama nila but at the expense of Diego's presence. Mula nang maging

nobyang niya ito ay unti-unting lumayo ang lalaki. Nitong nakaraang taon lang muli nila itong nakasama. At noon niya nabatid na wala pa ring nagbabago sa pagtitinginan ng dalawa. At dumating pa ang isang pagsubok na lalong nagpatunay na hindi kakayanin ng mga ito na mabuhay nang magkahiwalay. Kaya nagdesisyon siyang magparaya.

Maling desisyon ang ituloy ang kasal nila ni Tamara kung hindi naman ito magiging masaya. He had always wanted the best for Tamara. Diego, being his best friend, deserved no less. Tamara loved Diego, Diego loved her back. Wala nang kailangang pag-isipan pa.

“You may now kiss the bride,” narinig niyang anunsyo ng pari.

Unti-unting nagharap ang mga ikinasal. Hinawakan ng lalaki ang laylayan ng belo ng bagong asawa nito. Nang maiangat iyon, nangislap nang buong pagmamahal ang mga mata nito. Idinantay nito ang mga palad sa magkabilang pisngi ng napakagandang bride. Bumaba ang mukha nito at nagsalo ang dalawa sa isang matamis at walang pagmamadaling halik.

Sa saliw ng awitin ng wedding singer, pumailanlang ang masigabong palakpakan sa loob ng *Parish of*

*the Holy Sacrifice sa UP Diliman* habang masuyong nagyakap ang bagong kasal. Their happiness and love radiated around them. At nahahawa siya roon.

He was hurting, that was true. Nadudurog ang puso niya. Pero hindi niya ikamamatay iyon. After all, siya ang nagparaya. It was a small price to pay for the happiness of two people who mattered so much to him.

Sabi nga ng isang kakilala, *“We should live life without regrets. That’s not so much a statement about our past, as it is about our future. It’s not about not being sorry or not regretting the things we’ve done; We are human and make mistakes. For those, we should be sorry. It’s about carefully considering our choices, taking into account those around us, so we don’t hurt them, or lay to waste what makes our life beautiful.”*

Mabubuhay pa rin siya. Matututo muling magmahal. Balang araw, makikita rin niya ang sariling nakatayo sa altar para manumpa ng isang pag-ibig na paghuhusayin niya at ng magiging kabiyak sa isang habambuhay.

Mula sa kubling kinatatayuan niya sa gawing likuran ng simbahan, nilisan niya ang pagtitipon. May luha man sa kanyang mga mata sa iniindang sakit sa kanyang puso, may ligaya pa rin siyang

*A Piece Of Heaven - Edith Joaquin*

---

ipinapanalangin para sa ikinasal.

Because he—Nikolai Ancheta—would always treasure the friendship he found in both the bride and groom.

# 1

## *Lanao del Norte*

Iginala ni Maria Cielo Regis ang mga mata sa mga kalalakihang nakapalibot sa kanya. Pinagsalit niya sandali ang hawak na bola sa pagitan ng mga palad habang pinag-aaralan kung kanino pinakamabuting ipasa iyon. Sumulyap siya sa referee. Nagtaas ito ng sampung daliri. Sampung segundo na lang ang natitira sa shot clock.

Nag-dribble siya. Kinawayan siya ng isang teammate. Inihanda niya ang sariling tumakbo. Ipinasa niya ang bola, pumosisyon siya, ibinalik iyon sa kanya at saka niya iyon itinapon patungo sa ring.

Swak! Sakto sa pagpito ng referee ang kanyang three-point shot!

Naghiyawan ang mga naroon—ang teammates niya, ang mga manonood, pati ang mga miyembro ng kabilang team. Hindi iyon exactly celebration ng pagkapanalo ng team nila, iyon ay panalo niya bilang nag-iisang babaeng magaling maglaro ng basketball sa lugar nila.

“Ang galing talaga ni Leloi!” sigaw ng teammate

niyang si Joboy.

“Siyempre!” mayabang niyang sagot habang hinahawi ang maiksing bangs na nakatabing sa kanyang pawisang noo. “Idol ko kaya si Jimmy Alapag!”

“Kamukha mo na nga ’yata siya, eh,” susog ni Dado.

“Gago ka, ah!” Inambaan niya ito ng suntok.

“O, bakit?” Natatawa itong umiwas. “Guwapo naman si Jimmy Alapag, di ba?”

“Pare, mas guwapo si Leloi d’un!” Siniko ito ni Joboy.

“Oo nga,” pakli ni Zandro na inipit pa siya sa pagitan ng bisig at dibdib nito. “Kung di ba naman guwapo ang teammate nating ito, makaka-score ba ito ng tulad niyan?”

Inginuso nito ang tinutukoy, isang magandang babaeng papalapit sa kanila.

“Leloi!” Pumailanlang sa ibabaw ng ingay ang boses ng best friend niyang si Sasha.

“Ayan na ang girlfriend mo.” Itinulak siya ni Zandro papunta sa direksyon ng dalaga.

“Siraulo!” Tinuhod niya ang hita nito, pagkatapos ay sinikmuraan ang lalaki. “Hindi ko siya girlfriend, ’no!” Binigyan niya rin ng masamang tingin ang iba pang kasamahan. “At kayo,” dinuro niya ang mga ito, “subukan n’yong humirit. Sige!”

Nilayasan niya ang mga ito. Cielo was aware they were making faces behind her back. Nag-iinit ang bumbunan niya sa inis. Kung wala lang si Sasha...

Iyon ang reputasyon niya sa buong subdivision. Tomboy. Dahil lang hindi siya nagpapahaba ng buhok, hindi siya nagsusuot ng palda, magaslaw siya kumilos at higit sa lahat, may best friend siyang napakaganda. Wala ni isa sa mga kalalakihan doon ang nangangahas na ligawan si Sasha dahil sinusupladahan nito.

At dahil sila ni Sasha ang magkasundo at laging magkasama, in-assume na ng mga taga-roon na ‘sila’.

Kahit masaya siyang kasama ang dalaga, wala siyang attraction na nararamdaman para rito. At alam niyang wala rin itong romantic attachment sa kanya. Malapit lang talaga sila dahil kaedad niya ito bukod pa sa kapitbahay niya. Espesyal din ang bond nila dahil parehong sundalo ang mga tatay nila at nagkakatugma ang angst nila sa buhay tungkol sa peligro na laging kinakaharap ng kani-kanilang mga ama.

Siguro, may katuwiran din ang teammates niya kung bakit ‘assuming’ ang mga ito. Unang-una, wala pa siyang naging boyfriend mula nang magdalaga siya. May ilang nanligaw pero walang kinahinatnan ang mga iyon. Ang isa, ni hindi pa nakakapasok sa gate ng bahay nila ay binasted na niya. At iyong isa pa ay sinapak niya nang mag-attempt na halikan siya sa pisngi.

Mula noon, wala nang naglakas-loob na pag-aksayahan siya ng panahon. Pakiramdam niya, hindi siya itinuturing na babae ng mga taga-roon.

But she was fine with that. At least nakakapaglaro siya ng basketball bilang tropa ng mga kalalakihan. Hindi sumasagi sa isip ng mga ito na tsansingan siya.

“Napanood mo kami?” masayang salubong niya sa best friend.

Humalik muna ito sa pisngi niya bago sumimangot.

“Yung huling shot mo lang. Pinaglinis pa kasi ako ni Mama ng kuwarto ko, eh.”

“Okay lang.” Inakbayan niya ito. “At least nakita mo ‘yung winning shot ko.”

“Ligo ka na, ang pawis-pawis mo.” Itinulak siya nito patungo sa direksyon ng kanilang bahay.



“Samahan mo ako sa bayan. Gusto kong bumili ng bagong tsinelas.” Tumungo ito para ituon ang paningin sa mga paa. “Tingnan mo nga itong suot ko. Laspag na laspag na.”

Sinulyapan niya ang pinagmamasdan nito. The slippers looked fine.

“Sha, kung gusto mo ng bago, puwede mo namang sabihing gusto mo lang bumili,” aniya. “Magda-drama ka pa na pangit iyang suot mo samantalang kung lalabhan mo ’yan, mukha pa iyang bago.”

“Hindi uso ang naglalaba ng tsinelas, ’no!”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata.

“Hindi por que maarteng tsinelas ’yang suot mo, basta mo na lang itatapon kapag ayaw mo na. Hindi mo ba alam kung gaano karaming bata ang walang maisuot kahit lumang tsinelas?”

Nakatayo lang ito, nakanganga at nakatitig sa kanya.

“Sige na, gusto ko ng bago, eh,” anito, halos maglambitin sa bisig niya.

“Teka nga, nahuhubaran ako!” Hinaltak niya pataas ang manggas ng suot na t-shirt.

“Ipinunin ko na lang ’yung mga pinaglumaan ko ’tapos ibibigay natin sa mga batang walang tsinelas,” nakalabi nitong sabi.

Napailing na lang siya. “Halika na nga, bago ako tamarin sumama sa ’yo.” Iginiya niya ito patungo sa direksyon ng bahay nila.

---

### *Manila*

“Nick Ancheta, kapag ikaw hindi nakarating, isusumpa kita talaga,” banta ng kausap niya.

Si Tamara del Rosario-Villaroman iyon, ex-girlfriend, ex-fiancee, pero nanatiling matalik niyang kaibigan. Huli niya itong nakita noong kasal nito sa kanyang best friend na si Diego may dalawang taon na ang nakakaraan. Inakala ng mga itong hindi siya nakadalo noong kasal pero naroon siya.

Ngayon ay malapit nang manganak si Tamara sa panganay ng mga ito at ayon dito, nag-arrange daw ng baby shower ang mga common friends nila. Hindi na raw siya puwedeng magpalusot.

“Oo na, I promise I will be there,” natatawang sabi niya habang nine-negotiate ang traffic sa kahabaan ng España. Suot niya ang bluetooth headset

ng cellphone kaya hindi mahirap para sa kanyang pagsabayin ang pakikipag-usap at ang pagda-drive. “Last day na iyan ng pagre-report ko on the project, wala na akong excuse. Ano’ng gusto mong dalhin ko? Para sure ka na darating ako.”

“Gusto ko ng ginataang alimango,” anito. “Tsaka burong mangga.”

“Naglilihi ka pa ba?”

“Hindi,” tanggi nito. “Nagtanong ka, eh, di sinagot ko. Favorite ko kaya ’yung luto mo na ’yun.”

“Sige na nga.” Inapakan niya ang gas pedal para makaabante dahil nag-green na ang traffic light. “Anyway, ang dami ko na ding utang sa inyo.”

“Ano ba, Nick?” Nag-mellow ang boses nito. “Ikaw pa ba ang may utang sa amin?”

“Tammy, you know what I mean. Ang dami nang events na lumagpas, ni hindi ko kayo nadadalaw. I can’t even email or call regularly.”

“Yeah, but busy ka sa trabaho, naiintindihan namin iyon.”

That was true. Although kasama sa dahilan ang pag-iwas niya noong una. Napaka-awkward kasi na naroon siya samantalang sila ni Tamara ang engaged

noong una. Nang sa palagay niya ay mas kalmado na ang buong sitwasyon, saka naman siya natambakan ng pagkarami-raming trabaho.

Sa kabila niyon, ginagawan niya ng paraan para makausap ito o si Diego as regularly as he could manage. Ginagawa niya iyon para mawala iyong uneasiness na dala ng medyo kumplikado nilang sitwasyon.

“Tammy, siyempre nakaka-guilty pa din on my part na hindi ko kayo nakukumusta. Lalo na ikaw with the baby coming.”

“So, kaya nga,” ibinalik nito ang kulit sa boses, “subukan mong mawala ngayon at sa binyag ng inaanak mo, lagot ka sa akin.”

Tumawa siya. “Eto na nga, papunta na po ako sa grocery para ma-order ko ’yung alimango.”

“Sige.” Nagpaalam na ito.

“Okay,” sagot niya rito. “Mag-iingat ka, ha? ’Wag masyadong magaslaw, baka kung mapaano pa kayo ng inaanak ko.”

“Yes, Ninong,” masayang tugon nito bago tuluyang pinutol ang tawag.

Ipinarada niya ang sasakyan nang makarating

sa suking grocery store.

Nahulaan niya na ang totoong minamahal nito ay ang kaibigan niyang si Diego dahil sa binata nito ibinubuhos bilang galit ang lahat ng nare-repress nitong emosyon. Alam niya, noon pa mang nasa kolehiyo sila na may lihim na pagtingin ang mga ito sa isa't isa. Nang ma-kidnap siya sa Lanao del Norte habang nagtatrabaho roon at ma-recover siya ng grupo ni Diego ay saka niya lubusang naintindihan at tinanggap ang lahat.

Life was too short. It should be spent with the deepest passion para walang panghihinayang sa huli.

Nagdesisyon siyang palayain ang kasintahan dahil mas bagay ito at si Diego.

Marahil marami ang magbabansag sa kanyang tanga dahil sa kanyang ginawa. Wala siyang pakialam. Basta ang alam niya, naniniwala siyang tama ang desisyon niya. And hearing how happy Tammy was, wala siyang pagsisisi ni katiting man.

Nang dumating ang takdang araw ng pagbisita niya sa mga ito, maaga siyang gumising. Nagpakabusy siya sa kusina at nang maihanda ang requests ni Tamara ay nagtungo na sa bahay ni Diego. Pamana iyon dito ng retiradong mga magulang na pareho

nang naninirahan sa ibang bansa.

Nagmadali siyang pumarada, nakikita niya mula sa grills ng bakod na marami nang tao sa loob. Pagbaba niya ay naririnig na niya ang masasayang kuwentuhan at tawanan ng mga bisita. At dala ang kontribusyon niyang pananghalian, pinindot niya ang doorbell.

Naghihintay siyang pagbuksan nang tumunog ang kanyang cellphone. Inilabas niya iyon para tignan kung sino ang tumatawag.

Agad kumunot ang noo niya nang makita ang nakarehistro. Classified call.

Huminga siya nang malalim kasabay ang marahang pag-iling. Kailangan na niyang mag-isip ng excuse sa mag-asawa. Alam na niya ang ibig sabihin niyon. Malaki ang posibilidad na hindi siya makakarating sa binyag ng inaanak niya.

## 2

“Mr. Ancheta, thank you for coming on such short notice,” bungad kay Nick ng isang government official.

Nakaharap niya lamang ito nang personal nang matapos ang insidente ng hostage-taking sa Lanao.

“It’s no problem, Secretary Delfin.” Ito ang Secretary ng National Defense, sort of ‘boss’ ni Diego at ito ang tumawag sa kanya nang araw na nasa bahay siya ng kaibigang mag-asawa.

Nakipagkamay muna siya sa nakatatandang lalaki bago pinaunlakan ang paanyaya nitong maupo siya.

“How can I help, Sir?”

Hindi na ito nagpahaba ng pasakalye although bago pa man siya nakarating doon ay may hinala na siya kung ano ang magiging topic ng kanilang usapan. Pinapunta siya ng kalihim sa opisina nito sa lalong madaling panahon.

Tungkol sa katatapos lang na kaso ng isang sindikatong nagpapanggap na mga mabubuting

tagapalakad ng isang university fraternity ang usapan nila. Ang ginagamit na cover ng mga ito sa ginagawang kabulastugan ay ang educational scholarship program ng frat para sa mga deserving but unable youth mula sa iba't ibang probinsya at maging sa Maynila.

Ang sindikatong iyon din ang dahilan kung bakit naranasan niyang maging biktima ng kidnapping. Bilang project manager ng isang non-government organization na ang expertise ay community development, ginamit niya ang propesyon para ma-accomplish ang dalawang mahalagang bagay—ang makapaghatid ng development project sa isang mahirap na barangay sa Mindanao at kasabay niyon, maging daan para makapagmanman sa hinihinala nilang pinuno ng sindikato.

Hindi pa man nagtatagal noon ang proyektong siya ang nagpapatupad sa Barangay Tangcal sa Lanao del Norte ay nakakatanggap na siya ng ilang banta. Binalewala niya ang mga iyon. Sa katunayan, gumawa pa siya ng hakbang para lalong mabigyan ng dahilan ang sindikato na totohanin ang banta. At any rate, nakahanda ang team nila. Nakaalerto ang lahat oras na sagpangin ng mga pinaghihinalaan ang pain nila.



He found himself actually kidnapped and being used as leverage for the investigation to stop. Noong mangyari iyon, buong tapang niyang hinarap ang maaaring maging consequence niyon. Mapahamak o hindi, kailangang mahuli na ang masasamang-loob. Marami na ang naisakripisyo nila ng matalik na kaibigang si Diego Villaroman mula pa nang nasa kolehiyo sila para mapabagsak ang sindikato. Failing was not an option.

Isang grupo ng elite military and non-military personnel ang namuno ng search and rescue operation para mahanap siya at tuluyang mahuli ang mga miyembro ng sindikato. Si Diego, bilang abogado, ang siyang nagsampa ng kaso sa korte at naging chief prosecutor sa proceedings.

Kailan lang natapos ang paglilitis. Naipanalo nila ang kaso. Maximum sentence ng graft, corruption, extortion and even terrorism ang ipinataw na parusa sa mga involved. Pero dahil narito siya ngayon sa harap ni Secretary Delfin, naiisip niyang maaaring hindi pa tapos ang laban.

And he was right.

“May ilan pa silang tauhan na hindi man active sa sindikato noon ay tumatanggap ng benepisyo mula kina Gov para manahimik. Ngayon, nagsisikilos sila

dahil nawalan sila ng malaking pinagkakakitaan dahil sa pagkakakulong ng leaders ng sindikato.”

Tumango siya bilang pag-ayon. Nagpatuloy ito.

“According to our personnel, small time lang ang mga ito kung ikukumpara kay Governor dati. Ang pinipili ng mga ito na i-hijack ay maliliit na delivery vehicles ng consumer goods—gulay, karne, groceries. Pinapatos din ng mga ito iyong mga civilian convoys na sinisingil ng tinatawag nilang ‘facilitation fee’ para i-escort. Kung hindi ay tatakutin nila nang husto na masasalakay ng mga rebeldeng nagkalat umano sa daan. Hindi nila naisip na matitiktikan natin sila agad.”

Saglit itong tumigil para obserbahan siya. Nang hindi siya kumurap, itinuloy nito ang sinasabi.

“Isa ang importanteng mabantayan dahil all the others are dependent on this particular individual. Kapag nasukol natin siya, masusukol din iyong iba pa nilang kasamahan.” Ipinatong nito ang dalawang siko sa mesa, pinagkasalikop ang mga kamay. “Pasensya na talaga at ikaw ang naisip kong ilagay dito. Kailangan ko ng may background na sa kaso. At alam mo naman na sa ngayon ay indisposed,” gumuhit ito ng quotation marks sa hangin, “ang dalawang kaibigan mo na puwede kong mapagkatiwalaan dito.”

It would be unfair na tahasang ilagay sa panganib iyong malapit nang maging ama—si Diego. Ang isa pa ay si Ryan Pelaez na civilian pero highly-trained sa military operations. Ilang buwan pa lang ang nakakalipas mula nang makaisang-dibdib nito si Angelica Paraiso, isang magaling na criminal lawyer.

He couldn't agree more. Hindi puwedeng istorbohin ang mga ito. He was here, available, siya na lang muna ang aako ng responsibilidad.

“Sa Lanao ulit? Sino ang mamanmanan at ano ang cover ko?”

Natawa ito. “You have gotten so used to us, haven't you?”

Tumango siya bilang tugon at inabot ang ibinibigay nitong file.

“Lahat ng detalye ay nariyan. Wala kang kailangan gawin na masyadong mabigat o mapanganib. Alam ko na hindi mo ito trabaho talaga. We just need you to be our eyes and ears sa subdivision kung saan ang residence ng pinaghihinalaan naming pasimuno nito. Inaasahan lang namin na obserbahan mo ang daily routine ng pamilya niya. Kung kailan siya sumisipot doon. Hindi kasi sa Lanao mismo nakadestino iyong sundalo. I also need a non-military person there na

puwedeng maging DPA at mag-report directly sa akin.”

“Yes, Sir,” pangako niya as he got ready to leave.

“Nikolai,” pigil nito, “hindi ko na siguro kailangang i-emphasize. We assure you that you are safe there dahil naging maingat tayo sa identity mo noong unang isinagawa natin ang operasyon. Pero kapag nagpadalus-dalos ka, baka maulit ang nangyari sa iyo. We can’t risk another hostage-taking or worse, an ambush.”

“Yes, Sir,” nakangiting ulit niya. At kahit hindi nire-require ng protocol dahil neither one of them was a military official, sinaluduhan niya ito bago siya tuluyang lumabas mula sa opisina nito.

Tuloy, parang hindi ito naniwala sa pangako niyang hindi siya gagawa ng ikakapahamak niya.

---

Pareho pa rin ang cover ni Nick pagdating niya sa Lanao—head ng community development project sa Tangcal na ngayon ay funded na ng military. Kung noon ay simula pa lang ng pagpapatupad niya ng proyekto, follow through ang eksena ngayon.

Sa isang subdivision pinakamalapit sa Tangcal

siya hinanapan ng kanyang 'boss' ng matitirahan. Iyong subdivision na iyon mismo ang kinaroroonan ng residence ng pinaghihinalaan nilang namumuno ng paggawa ng kalokohan sa mga sibilyan. His job was to get close to his family, kung posible pa, sa lalaki mismo. Then get solid proof para makasuhan na ito.

Unang araw niya sa subdivision kung tutuusin ang araw na iyon. Kararating lang niya at kasunod niya ang maliit na truck na may karga ng ilang gamit niya para magmukhang kapani-paniwala ang pagtira niya roon. Binuksan niya ang gate at sinimulang magdiskarga ng mga pahinante ng kahon-kahong gamit para maipasok ang mga iyon sa bakuran man lang.

Mabilis lang iyon na proseso. Hindi karamihan ang gamit niya at tatlong lalaki ang mabilis na nagbuhat ng mga iyon. Ilang sandali lang ay naiwan na siyang mag-isa roon para mag-ayos.

Gabi na halos nang may pumansin sa presensya niya.

---

Pagod si Cielo. Hindi exciting at lalong hindi nakakatuwa para sa kanya ang shopping spree

kasama ang kaibigang si Sasha. Nababagot siya sa kaiikot sa mga stalls dahil hindi niya hilig ang mamili ng sapatos na para bang araw-araw ay kailangang iba ang suot niya.

Isa pa, at ewan ba niya kung bakit ito ang hindi ma-gets ng kasama, nanghihinayang siya sa pera. Dahil kahit may trabaho silang matatawag, pareho namang kay liit ng suweldo nila.

Not that she was complaining. Sapat lang iyon dahil sa probinsya sila nakatira. Kung sana ay may mataas na posisyon ang mga ama nila sa army.

Eh, wala.

“Hay naku, Sasha,” umiiling-iling niyang puna, “kapag tayo nawalan pare-pareho ng trabaho, tignan ko na lang kung puwede mong ipantawid-gutom iyang mga sapatos mo.”

“Bakit ba?” Kunot ang noo nitong nagreklamo. “Mura lang ang mga ito.”

“Mura?” ulit niya. “Kung isa lang siguro. Pero kung ganyang limang pares ang binili mo, aba, puwede nang pamalengke para sa isang linggong pagkain ’yan, eh.”

“Ano ba ang pakialam mo?” mataray na balik

nito.

Pero sanay na siya rito. “Kasi hindi ka natututo.” Pinamaywangan niya ito. “Noong weekend lang sinamahan kitang bumili ng tsinelas, ’tas ngayon, dahil lang bagong suweldo tayo, namili ka na naman. At kung sana din nagsawa na lang ako ng kasesermon sa iyo tungkol sa value ng pera, sana di ako napipikon ngayon.”

“Hindi ko kasalanan na hindi ako tulad mong okay lang na iisa lang ang pares ng maayos na shoes pang-office ’tas puro na rubber shoes na pang-basketball,” busangot na saad nito bago binilisan ang paglakad para mauna sa kanya.

Napapalatak siya. Siyempre, kahit nakakapikon ang ugali nito minsan, ayaw rin niyang nakakaaway ito. Hahayaan ba niyang mawala ang friendship nila dahil lang conservative at praktikal siya pagdating sa gastusin?

“Sha, ’wag ka nang magtampo,” habol niya. “Ang sa akin lang, sana mag-practice ka kahit konting practicality. I mean, seriously, aanhin mo lahat ng iyan?”

Ngumiwi lang ito bilang sagot. She hoped ang ibig sabihin niyon ay naintindihan siya nito kahit

paano. Iyon nga lang, she would never find out dahil napatda ito sa paglalakad nang may mamataan sa naraanang bakuran.

“Sino ’yan?” malakas na bulong nito habang namimilog ang mga matang nakatuon sa binatang nagbubuhay ng mga kahon doon.

Sinipat niya ang tinutukoy nito. “Mah,” aniya, bago muling naglakad palayo.

“Bagong lipat kaya ’yan dito?” Hinatak siya nito at pinigilan.

“Siguro. Bakit ba interesado ka?”

“Wala lang,” anito, hinatak ang bisig niya. “Lika, mag-hi tayo.”

“Dahil?” singhal niya.

“Dahil hospitable tayong kapitbahay!” Pinandilatan siya nito.

Hindi siya sumagot pero umikot ang mga mata niya at hinayaan na niya ang kaibigan sa gustong gawin. Again.

Nakatalikod sa kanila ang binata nang makalapit sila roon.

“Good evening,” ani Sasha.



Sumulyap ang lalaki pailalim bago ibinaba ang kahon. Nagtaas ito ng kamay para ipahid ang pawisang mukha sa manggas ng suot na t-shirt bago humarap sa kanila.

Ewan lang niya kay Sasha, pero parang tinamaan siya ng kidlat nang makita ang mukha ng binata.

Guwapo ito. Hindi siya madalas maka-appreciate ng guwapo pero hindi niya iyon maitatangi sa pagkakataong ito. Guwapo talaga ang kaharap nila.

At kung pagbabasehan ang katawan nitong hinuhulma ng suot nitong puting t-shirt, macho itong matatawag. Hindi siya magugulat kung sa ilalim ng kamiseta nito ay makakakita siya for the first time ng pandesal abs.

“Good evening,” nakangiti nitong bati. “Pasensya na, ang dumi ko. Bagong lipat ako dito.”

“Kailan pa?” Si Sasha pa rin ang sumagot.

Ewan ba niya kung bakit parang nairita siya sa tono ng boses nito pati na nang makita niyang kumurap-kurap ito sa lalaki. Aba, sa tinagal-tagal na magkakilala sila ng dalaga, ngayon lang yata ito kumerengkeng.

“Kani-kanina lang,” anito. “Although matagal na

ako dito sa area. Sa bayan ako tumutuloy dati.”

Bakit kaya hindi niya ito nakikita roon?

“Talaga?” Muling kumislap ang mga mata ng kasama. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

Bahagyang ngumiti ang binata. “Head ako ng community development project sa Tangcal.”

Parang nagtayuan lahat ng balahibo niya nang marinig ang pangalan ng lugar. Although Lanao in general was infiltrated by rebels, iba ang kilabot na naramdaman niya nang banggitin ang Tangcal. May nabalitaan silang na-kidnap doon a couple of years back.

“Really?” Sasha sighed. Talagang gusto na niyang sabunutan ito. “Mahirap ba ’yung project n’yo?”

“Ah, excuse me lang, ’no?” Sumingit na siya dahil asar na asar na siya for being totally ignored and for... “Sha, mauuna na ako at pagod na ako.”

Nakita niya ang pag-aalangan ng kaibigan bago narinig ang pa-cute nitong boses.

“Uhm, okay. Bukas na lang ulit,” paalam nito sa kanya.

Nagtiim ang bagang niya para pigilan ang sarili na

*A Piece Of Heaven - Edith Joaquin*

---

magbitaw ng salitang mamaya ay pagsisisihan niya. Walang seremonyang tinalikuran niya ito nang hindi nagpapaalam. Habang padaskol siyang lumalayo, iisalang ang naiisip niya. *Mga babae talaga!*

# 3

Ang dapat sanang unang naisip ni Nikolai ay itong kaharap niyang magandang babae ang isa sa pinakamalapit na susi sa taong kailangan niyang bantayan. Natatandaan niya ang mukha nito mula sa litratong kalakip ng files na ibinigay sa kanya bago siya nagpunta roon. Pero ang napansin niya talaga ay ang nakabusangot na kasama nitong...

Babae iyon, di ba? Astig kasi kung kumilos. Pero kung iba ang preference nito, ano ang problema niya? At bakit parang mina-magnet ang mga mata niya na sipatin ang bawat pulgada ng katawan nito? Maiksi ang buhok ng umalis, medyo maliit ang katawan, and in the dusky glow of twilight, napansin niyang napakakinis ng mamula-mulang kutis nito.

Medyo hukot ang mga balikat nito at... malusog ang umbok ng dibdib. Parang conscious ito dahil doon kaya ito kumukuba. Pasimpleng ipinilig niya ang ulo at huminga nang malalim.

“Mahirap ba ’yung project n’yo?” ulit ng kaharap.

Ewan pero gusto niyang matawa sa tanong nito. Madali lang kasi ang magpatupad ng development

project. Ang mahirap ay iyong pagpapa-approve ng proyekto at paghahanap ng funding para rito. Now, kung ang itinatanong ng dalaga ay iyong tungkol sa ‘iba’ niyang trabaho, ibang usapan iyon. Pero hindi niya iyon puwedeng ikuwento lang nang basta.

“Well, mahirap dahil maraming aspeto na kailangang siguraduhing tama ang pagpapatupad para hindi sayang ang pondo at pagod,” simula niya. “Then, of course, kailangang masundan ko ‘yung progress sa komunidad. The funders need to see the results.”

“Ahh.”

Mahabang-mahaba ang pagkakasabi nito niyon. Nagduda tuloy siya kung naintindihan nito ang sinabi niya.

Not that he cared.

“Hindi ko pa yata nai-introduce ang sarili ko,” sabi na lang niya. “I’m Nick.”

“I’m Sasha Miraflor.”

“Yung friend mo?” Sumulyap siya sa direksyon kung saan nagtungo ang tinutukoy.

“Si Leloi ‘yun, Maria Cielo Regis pero ako ang nagbinyag sa kanya ng Leloi.” She was self-consciously

rocking on her feet. Haplos din ito nang haplos sa buhok. “Naging mag-friends kami n’ung lumipat kami dito ng papa at mama ko mga ten years ago. Sundalo din kasi ang papa ko. Tatay niya din sundalo kaya ’ayan, pareho kami ng angst. Kaya kami close. ’Tas magka-age din kami.”

Tumango siya. “Magkasama sa iisang unit ang mga tatay n’yo?”

“Hindi.” Umiling ito habang iniipit ang ilang hibla ng buhok sa likod ng tainga nito. “Nasa Ozamis ang tatay ni Leloi, si Papa nandito sa Lanao.”

“Mahirap siguro iyong nasa military sila, ano? Bukod sa hazards ng trabaho, minsan parang hindi pa sulit na ang liit-liit ng suweldo nila considering they’re laying their lives on the line.” Any information could be vital.

Humagikgik ito. “Okay lang, kayang-kaya akong i-spoil ni Papa, eh.”

Itinuon niya ang tingin sa mga hawak nitong shopping bags. “It seems so.”

“Sabi nga niya sa susunod na leave niya, pupunta kami sa Cagayan de Oro kasi ibibili niya ako ng *iPad*,” masayang pagbabahagi nito.

“Wow.” Sinikap niyang bigyang-sigla ang tinig. “Sasha, ano’ng work ng mama mo?”

“Wala,” kibit nito, “housewife siya. Ayaw siya pagtrabahuhin ni Papa, eh.”

“Ikaw? Nagwo-work ka?” Ipinatong niya ang magkabilang siko sa mababang bakuran.

“Meron na ngayon. Ipinasok ako ni Leloi d’un sa bank na pinagtatrabahuhan niya sa bayan two months ago kasi nabo-bore ako dito na walang ginagawa. Pero,” nanulis ang nguso nito, “parang gusto ko nang mag-resign, eh. Ang hirap-hirap maging new accounts clerk.”

“Ano’ng sabi ng papa mo?”

“Okay lang daw,” may pagmamayabang nitong saad. “Kayang-kaya naman daw niya kaming buhayin.”

Tumango-tango siya. *iPad* para sa anak na may balak mag-resign hindi pa man nagtatagal sa trabaho, isang asawang walang career sa labas ng bahay, on a low-rank soldier’s pay?

Something was wrong with the picture. Then again, baka galing ang mga ito sa mayamang pamilya to begin with.

“Sasha, pasyensya na, gusto sana kitang imbitahan pumasok kaya lang magulo pa talaga ang bahay,” pakli niya.

“Ay, okay lang.” Iwinagayway nito ang isang kamay. “Magpapaalam na din ako, baka naiistorbo na kita. “Tsaka baka hinahanap na ako ni Mama.”

“Okay lang iyon,” aniya at saka iminuwestra ang mga kahon sa kanyang likuran, “pero gusto ko sanang matapos maipasok lahat ito bago kumain. ‘Nga pala, mukhang napikon ‘yung kaibigan mo.”

“Hindi, ‘no!” mariing tanggi nito. “Hindi ‘yun magagalit sa akin, ever.”

Napakunot ang noo niya. For some reason, may ibang dating sa kanya ang sinabi nito. Magkaanu-ano kaya ang dalawang ito? Bakit interesado siya?

“Ah, kapag maayos-ayos na dito, iimbitahan ko na lang kayo,” pangako na lang niya.

“Really? Aasahan namin ‘yan, ha?” Kumaway ito. “Bye, Nick!”

Tumango lang siya at gumanti ng kaway. Hindi pa siya tumitinag mula sa kinatatayuan. Hinintay niyang salubungin ni Leloi si Sasha. Nakita pa niyang bumusangot ang magandang mukha nito na sinagot



ni Sasha ng pag-akbay rito bago inihilig ang ulo sa balikat nito. Hindi na niya hinintay kung paano ito nag-react. Naiiling na lang na tumalikod siya.

Kung para sa kanya ang pag-iling na iyon o bilang reaction niya sa inaasal ng dalawang babae, hindi niya lang matantya. Mabuti na lang kinaya niyang mag-focus ng atensyon sa pagtatanong niya tungkol sa pamilya nitong si Sasha. Mas gusto niyang malaman ang mga bagay tungkol kay Cielo.

Hindi. Iniisip lang niya na baka sangkot din ito. Walang ibang dahilan.

---

“Leloi.” Hinawakan ni Sasha ang kanyang bisig.

Hindi siya tumunghay bagkus ay nagpatuloy lang magbasa ng hawak na *Archie* comic book.

“Uy!” Halos dinaganan siya nito.

“Ano ba?” Iritableng itinulak niya ito. “Malulukot ang *Archie* ko!”

“Nakakainis ka naman, eh!” Pumadyak ito sa tiled na sahig. “Isang oras na akong nag-so-sorry. Bakit ba galit ka pa din?”

Umikot ang eyeballs niya. “Kasi nakausap mo

lang 'yung lalaking 'yun parang wala ka nang kasama. Kumukurap-kurap ka pa, para kang Christmas lights!”

“If I know nagseselos ka.”

Tumaas ang kilay niya. “Bakit ako magseselos, aber?”

“Kasi di ikaw 'yung pinansin niya.”

“Pakelam ko d'un? Sino ba siya? Ba't ko kailangang magpapansin sa kanya?”

“Ba't galit na galit ka?” tudyo nito.

“Hindi ako galit!” mataas ang boses na pakli niya. “I'm just stating a fact.”

“Eh, bakit ang laki-laki ng mga mata mo?”

Lumagpak yata ang panga niya. *What the hell?*

“Ewan ko sa 'yo.” Tinalikuran niya ito at nagtungo sa kusina para kumuha ng maiinom. Kung bakit kasi ang tagal-tagal matapos ng meeting na dinaluhan ng nanay niya kasama ang iba pang miyembro ng maliit na kooperatiba na mina-manage ng housewives sa lugar nila. Tuloy, gutom na siya, at ayaw naman niyang kumain mag-isa.

Pero hindi niya puwedeng kulitin at madaliin ang ina. Sekretarya ito ng coop at kailangan ito roon

para mag-annotate sa meeting. At nag-iinit ang pisngi niya dahil ang totoo ay naaasar siya sa panunukso ng pinakamatalik na kaibigan sa guwapong lalaki.

*Damn it!*

“Alam ko na,” anito, “lipat na lang tayo sa bahay, pochero ang dinner namin.”

Perfect pambawi ng kapikunan niya. Pagkain. Lalo na at paborito niya pa.

“Sige.”

Nag-text siya ng paalam sa ina at tumawid sa kabilang bakod para makisalo roon sa hapunan.

“Hello, Mama! Balita ko pochero ’yung ulam n’yo,” maingay niyang anunsyo pagdating nila. Agad din siyang natahimik.

Hindi kasi niya inaasahan na may makakasabay silang bisita. Nakatalikod ito sa kanila nang pumasok sila sa bahay. Pero alam na alam niya ang aura nito.

“Oo, Leloi, halina’t sumalo na kayo dito,” paanyaya ng nakatatandang babae.

Lumingon ang bisita sa kanila. “Good evening,” nakangiting bati nito.

“Hi, Nick!” Agad gumanti ng bati si Sasha.

“Inimbitahan kong sumabay sa atin itong si Nick kaysa pumunta pa siya sa kanto para bumili ng lutong ulam,” paliwanag ng ina ni Sasha. “Bagong lipat lang at hindi pa nakakapag-ayos nang husto, eh, mabuti nang i-welcome natin sa subdivision.”

Nalunok yata ni Cielo ang dila niya. Naka-level ang tingin sa dibdib ng lalaki. Hindi niya makuhang tumingin sa mukha nito.

Ano ba naman ang napili niyang tingnan? Parang ganoon din ang epekto kung sa mukha nito siya tumingin. Nanghihina yata ang mga tuhod niya.

“Kain na tayo,” ani Mrs. Mirafior. Nakaupo na ito.

Ipinaghila silang magkaibigan ni Nick ng upuan.

Walang salita pa din na dumulog siya sa hapag kasunod ng kaibigan. Nagulat siya dahil sa tabi niya pumuwesto si Nick.

“Here,” anang binata, iniaabot sa kanya ang mangkok ng pochero.

“Thanks,” halos pabulong na tugon niya.

Halos idukdok niya ang mukha sa kinakain dahil sa sobrang consciousness. Pakiramdam niya ay napakalapit nila sa isa’t isa. Either that or naiinis siya sa panay na pagpapa-cute ni Sasha rito. Gusto niyang

tusukin ng tinidor ang tagiliran ng babae.

“Magkatrabaho pala kayo ni Sasha?” Binalingan siya ng katabi.

“Ha?” gulat niyang tugon. Kagyat siyang sumulyap dito na agad din niyang binawi. “Oo. Teller ako. Siya sa new accounts.”

“Matagal ka na doon?”

“Medyo.” Tumango siya at nag-concentrate sa pagnguya.

“Ikaw, Nick,” sali ni Sasha, “saan ka nag-aral? Ilang taon ka na? May asawa ka na ba?”

“Sasha!” she hissed.

Natawa lang ang binata. “Sa *UP Diliman* ako nagtapos. I’m thirty-five, and no, wala akong asawa. I’m single.”

Ewan lang niya pero parang importante sa kanya iyong huling narinig. Kaya lang, mas napansin niya talaga ang kislap ng mga mata ng best friend niya na sinabayan pa nito ng hagikgik.

*Diyos ko namang kalandian!*

“Mauna na ako.” Tumayo na siya buhat ang plato ng pinagkainan para dalhin sa lababo. “Mama,

salamat sa dinner, ha?”

“O, bakit parang bigla ka yatang nagmadali?”  
puna ng ginang.

Itinuloy na niyang hugasan ang plato at kubyertos  
na ginamit.

“Baka lang po naroon na si Nanay.”

“Ganoon ba?” anang nakatatandang babae.  
Tumango lang siya. “O, sige. Nabusog ka ba?”

Bitin ang kain niya—pero siyempre hindi niya  
aaminin iyon. Una, nako-conscious siya na hindi niya  
maintindihan kung bakit. Ikalawa, napipikon siya  
kay Sasha.

“Opo, Ma, salamat. Sige po.” Humalik siya sa  
pisngi ng ginang. “Kita na lang tayo, Sha.” Hindi  
niya ito nginitian. “Bye, Nick.” Lalong hindi niya ito  
sinulyapan man lang.

Bago siya nakalabas ng pinto, narinig niya ang  
diskusyon ng mga ito.

“Galit ba si Cielo?” tanong ng binata.

“Nagseselos ’yun, I bet,” narinig niyang sabi ni  
Sasha. “Ayaw niya kasi na di siya pinapansin, eh.”

Nagtiim ang kanyang bagang. Napipikon na

*A Piece Of Heaven - Edith Joaquin*

---

talaga siya sa kanyang... best friend?

*How could she ignore me?*

*Besprehin niya ang mukha n'ung guwapong...  
Hmp!*